# Tanghod

**at iba pang paghihintay**

Pagsasa-isda

OFW

Napagkamalan

Bisita

Pag-ako

Tandang pananong

Binyag

Unang pagluwal

Salitang binitiwan

Alzheimer's

**Pagsasa-isda**

Dahil ano nga bang uring ina
ang hindi marunong sumugba sa alon,
kaya't hinamak mo ang lahat ng pagsuong.
Darating ka sa baybayin nang may pakay,
maliban sa pagbibilad: tapyasin ang biyas
upang umunat ang mga palikpik. Hanggang
sa ang balat ay mangaliskis, magsa-pilak.
Hanggang ang gulugod ay usbungan
ng mga tinik, magsa-aligi. Ikaw ay lulusong,
hubad sa lahat ng alabok. Maingat
na dadaplisan ang mukha ng tubig—ang talas
ng palikpik ay iguguhit sa kababawan
ng ligayang halumigmig. Pagkatapos,
dikit-palad: sisisirin ang lalim ng pananalig.
Ngunit alam naming magbabalik ka.
Hindi upang isalaysay kung paanong
sa kalawakan ng dagat ay naragdaan
ang iyong kalayaan. Ng mga kuwentong
hinango sa mga kabibeng ang dila
ay umurong sa alat. Kathang hinabi
ng mga manlalambat: *Walang guhit ng kapalaran*
*sa buhanging palad*. Bagkus, nagbabalik
ang mga lumusong dahil pakimkim
ang hasang ng kanilang pagsasa-isda.
Narito sa lamesa, pinagsasaluhan: kumikibot
at pinagbubukalan ng aming hininga.

**OFW**

Sa pag-uwi mo'y alalahaning ang pintuan
ay hinihila, hindi tinutulak. Sinasabing
humakbang ka pabalik para makaraan.
O makiraan, kung ito ang iyong pasya.
Pakitang-tao lamang ang kawalan
ng kandado sa agaradera. Sa loob,
ang mga pinggan sa banggera ay nangakataob,
walang kibo. Habang ang mga larawang
naka-kuwadro ay nangakabaligtad
sa tagilirang lamesita. Huwag nang silipin
ang aparador: ang mga kamiseta ay nakadapa,
pasubsob na isinuksok, pamilyar lamang
sa amoy ng sariling hininga. Nalumlon
sa paghihintay sa iyong pagdating. O maaaring
isa lamang pagbisita, kung susuriin.
Kung gayon, walang tangka ng pagharap
ang iyong mga naiwan. Pakiramdaman mo:
iihip ang malamyang hangin sa iyong paa.
Nakayuko ang bintilador, may paggalang
ngunit walang lambing. Roon sa silid,
madaratnan mo si bunso sa dunggot ng higaan:
hindi kikislot, ipagsigawan mo man
ang kanyang pangalan. At sa ganitong
pagtangging lumingon ay maiintindihan mo
kung bakit ang ipinapadala niyang mga liham
ay walang titik, at ang nakalakip

na mga guhit-kamay ay walang kulay,

walang bibig, walang mata.

**Napagkamalan**

Pinihit ko ang lagitik ngunit ibang bumbilya
ang umilaw. Pinulbusan ko ang bungang-araw,
ito pala ay gawgaw. Tumabsing ang minatamis
na kokwa sanhi ng napagkamalang arnibal.
Kalahating takal. Sukatin mo ako ngayon
at sabihin kung ako nga ba ang dati mong
mang-iibig. Lumapad nga lamang ang patilya.
Pinatangkad lamang ng takong. Umurong
ang mga hita sa guhitang maong. May kulang
o higit sa timpla ngayon. Mga muntikang
kakilalang nakasalubong sa kubeta,
sinusundan sa pila, nakadikit-siko sa takilyera.
Silang sa unang tingin ay pumukaw sa siwang
ng eksakto at alanganin: *Maaaring siya.* Silang
ang tagiliran ng mukha ay kabiyak
ng iyong pagtataka. Silang mula sa kapihan
ay binabalik-balikan ng sulyap hanggang
sa ang leeg ay mabanat: *napagkamalan ba*
*o nagpapanggap*? Ang pagbabakasakali, tulad
ng kapeng inasnan, ay agaw-pait, agaw-alat.

**Bisita**

May mga bisitang biglang darating
nang walang pasabi, kinapos sa pasintabi:
binibigyang dangal ang karapatan mong
magulat. Maaaring pag-alala, kalabit, o babala.
Tayo ang maghihinuha ng kanilang pahiwatig.
Hindi man lamang mag-init ang puwitan
sa bangko. Ririto't maglalaho. Katulad ngayon,
pagkalingat ay nakapatay na ang kusinilya.
Umagwad lamang ng sandok
ay napakialaman na ang lagitik.
Hindi man lamang naulingan ang kasirola
ng sinaing sa pagkandirit. Ganito
ang iyong pagdalaw, tinatangkilik
ang aking sorpresa. Kung minsa'y
dagling pagpitik ng makanilya, pagkalangsing
ng kutsarita, pagkurap ng bumbilya. Saglit
na samyo ng rosas, ng mitsang naupos
sa kandelabra. Lagapak ng plorera sa pagkanti
ng iyong balakang: minamadali ang paglisan.
Maano bang mananghod at maghanap
ng pagkakalibangan. Sulsihan
ang walang laslas, tapalan ang walang tungkab,
ilapat ang mga piraso ng platitong
hindi nabasag. Kahuntahin ang iba pang
waring banyagang darating at yayao.
Sasabihin ko: *kaming naiwan ang namamahay,*

*hindi ang nangibang-bayan*. Mga bisitang
segundo ang binibilang, hindi araw,
hindi buwan. Iniangat ko ang takip ng kasirola
at sa himalang pagbusa ng kanin
ay naramdaman kong ikaw ay nanatili.
Ang mga puting hibla ng singaw
ay ang mapagkandili mong kamay
na gumagapang, lumalapat sa aking pisngi.

**Pag-ako**

Maako ko kaya ang nararamdaman mo
kung titindig ako sa paanan ng altar?
Pagliliyabin ang sarili, hanggang
sa ang gulugod at mga buto’y rumupok,
hanggang sa ang balat ko’y matunaw
at dumaloy na waring magarbong dilaw
na bestidang hinunos pababa
sa aking katawan. Maangkin ko kaya
ang iyong pagkahapis habang nakatitig
sa tumutupok na apoy? At maya-maya’y
wala akong makikita maliban sa anino
ng hugis rosas sa kalagitnaan ng anumang
tanawin. Sa pagtindig ko nang walang tinag,
walang kurap, walang pakay kung hindi
ang pag-ako, maramdaman ko kaya
ang pagkaupos ng kandila, o mabulag lamang
sa iyong liwanag?

**Tandang Pananong**

Totoo marahil ang teorya ng Obispo sa Quiapo
na may hamon ang lahat ng katanungan.
Kung kaya't ang tandang pananong
ay hugis tainga ay dahil humihingi ito
ng paglilimi. *Makinig nang masinsin*, ang sabi.
Umuusig ang lahat ng pagsisiyasat. Kaya't
nang tanungin mo ako kung handa na ba
akong magpakasal ay nakagat kong bigla
ang aking dila. Napalso ang babanggiting
salita: asong pumailanlang sa huling pitak
ng baga. Naalala ko ang simbahan ng Quiapo
kung saan ang panunuyo ay idinaraan
sa sampagita, habang ang kapatawaran
ay sa kandila, ang tingkad ay ayon
sa iyong pakay. Ang dasal ay sinasaulo,
kusang umaalagwa sa sentido,
sa mga pulang tingting sa buhangin.
Ang totoo'y hindi sa dunggot ng dila
nakakalimutan ang wika. Sa mga kubol
sa paligid, ang lahat ay may taglay na agimat:
bato man o talbos. Sa unang hilera
ay unggwento para sa binuklawang lalamunan,
nasalabid na ngala-ngala. Sa ibabaw,
ang tsaang sinangkapan ng balat
ng punungkahoy, kaliskis ng sawa.
May kapangyarihan ang sabaw

na isina-garapa: ipahigop sa may nararamdaman,
maging sa nagdaramdam. *Sabayan lamang*
*ng orasyon*, ang abiso ng manghihilot
na sa gabi ay isang orakulo, sang-ayon
sa sanhi ng pamamanhid: ugat o ang puso.
Maaring sugo o pagsubok sa iyong paniniwala.
Dinala mo ako sa Quiapo nang naghahanap
ng kasagutan, na parang ito ang kabisera
ng katapatan. May bumubulong sa bumbunan,
*gagaling ka*. At nagpaubaya ako. Hindi
sa pagbabakasakaling maghilom ang aking dila;
kung hindi'y upang basahin ng katabing
manghuhula ang aking mata at mula
sa kanyang bibig ay mausal ko ang salitang
*patawad*.

**Binyag**

Huwag mong sabihing ako ay islang
wala sa mapa, tutuklasin ng manlalayag,
tatayuan ng bandila. Tuturuang makinig
bago tuluyang makapagsalita.
At sa pananahimik ay tatawaging Paraiso.
Dahil kung sakaling titingala ka, tagos
sa kulandong ng mga dahon, mga tangkay,
mga kawad ng kabihasnan, mahahagap mo
ang kalawakan. Ang kidlat na gumuguhit
ng hugis na hindi mo mamukhaan. Iba pang
mga kahanggan at pag-iral: buntala, kometa,
planetang nakabitin sa hindi masukat
na himpapawid, hindi matantiyang kaibuturan
at pagitan, kung saan ikaw ay isang pulóng
siyang susuko at kusang magpapasakop.

**Unang Pagsilang**

Dahil ang mundo ay bilog at hindi
isang trosong nabalahaw sa dagat,
ito ay naglalaman ng pangako. Sabihin nating
itlog. Sabihin nating ubod ng rosas. Mga binhi
bago ang luntiang sibol. Ang tubig
saanmang panig ay walang prenong tumutulak,
hinahawi ang lahat ng sagabal, hinihilod
ang lumot sa mga bato. Ang puno
ay naghuhulog ng mga talutot na kasinglambot
ng mga talampakang papanaog. Hudyat
na may parating sa makalawang araw.
Dito sa balon na siyang hugpungang pusod,
matitiyak natin ang sinapupunan ng isang ina.
Sa mga piramide kinukupkop ang dibdib
ng mga diwata. Masdan ang ritwal
ng paghahatag sa umaga: mga prutas sa bilao,
handog na pilak, mga tupa sa balanggot
na nagliliyab. At sa gabi, ang paglalatag:
mga banig, mga inunat na karton, mga kumpol
ng dahon. Tayo'y hihilig at saka babalukol,
maghuhugis-bilig: ang tainga ay nakapinid
sa nabanat na balat ng pintog na lupa.
Papakiramdaman ang pagkislot. Hihintayin
ang pagluwal.

**Salitang binitiwan**

Hindi mo mahagilap kung saan binitiwan
ng iyong asawa ang kanyang mga salita.
Maaaring doon sa gilid ng lamesita
para madaling makita ni dyunyor sa umaga.
Waring tumpok ng baryang binitiwan
sa isang banda—baon kinabukasan sa eskwela.
Pambili ng monay na walang mantikilya,
sopdrinks sa plastik, kapos pa sa antisipo.
Binubusog siya sa prinsipyo. Ito
ang kadalasang larawan ng kadakilaan.
Ang almusal na pandesal ay sibuyas,
hinahati-hati sa pag-iyak. Ang kape
ay maputla, kinabahan sa paghihimagsik
ng sikmura. Sa kunat ng tutong at dilis,
ang kutsara ay nakipaglaban: nabaluktot
ang katotohanan. Mabuti pa ang lubid
sa kisame, matibay. Usal mo: *may paninindigan*.
Ilang ulit mo nang narinig na ang lalaki
ay may isang salita: *Patawad*. Na ikaw lamang
ang kanyang daigdig. Ngunit ang daigdig
ay pinapaikot ng araw, sunud-sunuran.
Binibilog ng mga salitang binitiwan sa tagiliran.

**Alzheimer's**

Hahayaan kitang magliwaliw ngayong gabi.
Maglakad-lakad hanggang sa iyong paglingon
ay hindi mo na mamukhaan ang paligid.
Dito mag-uumpisa ang hindi-katiyakan.
Walang mga marka sa libro, walang mapa,
o puting batong ihuhulog sa daan. Dalawin mo
ang Anloague at Azcarraga, iba pang
mga eskinitang ngayon ay abenida.
Baybayin mo ang kahabaan ng komersyo
sa Arranque: lumang sinehang ngayon
ay isa nang otel, mga imprentang
naging botika, mga tindahan
ng mga baha-bahagi, parte-parte:
panghalili sa mga kinulang. Imbitahan mo
ang iyong sarili sa mga okasyong
walang abisong ipinagpaliban. Lumahok
sa mga paligsahang nagpalit ng pagdarausan.
Sabihin mong may dahilan ang bawat
pagkaantala. Hanggang sa makarating ka
sa isang tulay, kung saan hindi mo tiyak
kung ikaw ba ay nanaog o tatawid pa lamang.
Maghahain ng katanungan ang matandang
may hinahanap sa lalim ng kanyang sumbrero,
*sino ka?* Samakatuwid, ikaw ay magpakilala:
*ako ang iyong alaala*.